HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VI No. 25 MAY 23-29,2022 P 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*

# JONVIC REMULLA MULING NAHALAL BILANG GOBERNADOR NG CAVITE

Opisyal nang idineklara ng Commission on Elections ang pagkapanalo ni incumbent Cavite Governor Jonvic Remulla para sa kanyang panibagong termino bilang gobernador ng lalawigan.

Sa boto na 1,367,797, tinalo ni Remulla ang mga katunggali nito sa pagka-gobernador na sina Weng Aguinaldo na mayroong 122,569 votes, Augusto Pera Jr na may 98,829 votes, at Jerum Giles na nakakuha ng 26,223 votes.

Panalo din ang running mate nito na si Athena Bryana Tolentino na nakakuha ng 1,195,863 laban sa katunggali nito na si Joseph Thim Jamboy na nakakuha naman ng 205,004.

Sa kanyang pahayag, sinabi ni Remulla na "tigilan na ang bangayan at simulang yakapin ang kinabukasan."

"I promise to do my best for all of you by including a lot of what we have right now," pahayag ng Gobernador.

Samantala, batay sa resulta ng halalan, nanalo din ang pamilya Revilla sa mga tinakbuhan nitong posisyon. Sa Unang Distrito, nanguna si Ramon Jolo Revilla na nakakuha ng 101,809 boto laban sa katunggali nitong si Doc Paul Abaya na mayroong 92,761 na boto.

Landslide win din ang ina nitong si Bacoor City Mayor Lani-Mercado para sa pagka-kongresista sa ikalawang distrito

**(cont. P.2)**



















**ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**

# Pagtataas ng minimum wage isinusulong sa Calabarzon

Gumugulong na sa Calabarzon Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB 4-A) ang panukalang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa sa rehiyon.

Ngayong araw, Mayo 16, ay dumalo nina Cavite Vice Governor Jolo Revilla, Department of Labor and Employment Region 4-A Director Ezekiel Ronie de Guzman, at mga kinatawan ng mga labor group, management group at mga manggagawa sa lalawigan sa isang public hearing na isinagawa sa Legislative Building ng Sangguniang Panlalawigan.

Nauna nang naghain ng Provincial Resolution sa lalawigan ng Cavite para isulong ang pagtaas ng sahod ng mga Caviteño.

Ayon kay Revilla, naging matagumpany ang public consultation na ginanap sa buong rehiyon noong Abril.

Ani Revilla, napapanahon nang itaas ang sahod ng mga manggagawa sa kanilang Cavite sa gitna ng patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at petrolyo na naging dahilan upang itaas ang sweldo sa mga karatig na rehiyon tulad ng National Capital Region (NCR).

"Kung titignan natin ang distansiya ng mga bayan at lungsod ng Cavite sa NCR, hindi pa aabot sa halos 6KM ang layo ng Bacoor, 10KM ang layo ng Imus habang 13KM naman sa Kawit. Kaya marapat lamang na ipantay ang sahod sa mga karatig na lugar ng NCR dahil kung ano ang presyo ng mga bilihin sa NCR, gayundin sa Cavite" dagdag ni Revilla.

Siniguro naman ni Director de Guzman na posibleng maitaas ang sahod ng mga manggagawa sa lalawigan ng Cavite, maging sa buong rehiyon.

# PPCRV, nakapagtala ng 1.61% mismatch sa election returns - COMELEC

Nakapagtala ang Parish Pastoral Council for Responsible Voting (PPCRV) ng 1.61% mismatch, na kinasasangkutan ng humigit-kumulang 240 election returns at ang transparency media server, para sa 2022 elections, ayon sa Commission on Elections (Comelec) noong Linggo.

Sa isang press conference, ipinaliwanag ni Comelec spokesperson John Rex Laudiangco na nakatanggap ang PPCRV ng 45,135 election returns (ERs), at nakapag-encode ng 30,727 ERs. Sa bilang na ito, 30,235 ER ang nagtala ng 100% match.

"Mayroon lang po konti, 240 of those I've mentioned ay nagkaroon ng variants or mismatches. It accounts for 1.61%, pero nothing to worry about because the PPCRV itself made a statement if ever there is a variance, this would not affect the results of the election contest specifically the national positions. Secondly, the mismatch is now undergoing validation," pahayag niya.

Idinagdag niya na ang PPCRV ay manu-manong susuriing muli ang nabanggit na 240 ERs, i-validate ang mga ito mula sa kanilang mga pinagkukunan, at muling iproseso ang mga ito kapag natukoy na nila ang dahilan.

Sinabi rin ni Laudiangco na ang posibleng dahilan ng mismatches ay maaaring dahil sa pagod at hindi nababasa nang malinaw ng volunteers ang mga numero.

"Doon po sa pinoprocess ng PPCRV, the matching rate remains at a high of 98.4% and we expect that the 240 mismatches will be resolved the soonest," saad niya.

Dagdag pa rito, pinawi din ng opisyal ang mga pag-aalala na ang pagtaas ng mga pagbili ng mobile phones kamakailan ay may kaugnayan sa di umano'y mga ulat ng pagbili ng boto at pagbebenta ng boto.

"Coming from a lawyer's point of view, the escalation of the purchases in itself does not automatically name anomalies or crime. In fact, hindi nga po krimen eh. Kung ganyan po kasi na merong pagbabawal sa escalation ng purchases, dapat maging krimen eh pero it is not a crime [it's not a crime even if there is a ban on the escalation of purchases]," ani Laudiangco.

"DICT is reporting to us regularly and the NTC will be doing that too. Hintayin namin 'yung official report nila [we will wait for their official report] regarding this and we will make a follow through in case NTC brings the matter to a subject of investigation," dagdag pa niya.

## Jonvic Remulla... (from p. 1)

ng lalawigan habang wagi naman bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan si Ram Revilla.

Kabilang din sa mga uupong kongresista ng lalawigan sina AJ Advincula para sa ikatlong distrito, Roy Loyola para sa ikalimang distrito, Antonio Ferrer para sa ika-anim na distrito, Boying Remulla para sa ika-pitong distrito, at Aniela Tolentino para sa ika-walong distrito.

Mananatili naman sa kanyang pwesto si Cavite Fourth District Representative Pidi Barzaga.

Ayon sa datos ng Comelec, 1,870,383 mula sa 2,302,353 kabuuang bilang ng mga botante sa lalawigan ang nakilahok sa halalan 2022. —PIA 4A

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.Ph EST. 2019

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00

# PRO CALABARZON has 211 New Police Officers

Camp BGen Vicente Lim, Calamba City – The Regional Selection Committee chaired by Brig Gen Gregory Bogñalbal, PRO4A Deputy Regional Director for Adminiatration has completed the processing of the 1st and 2nd batch of Patrolman applicants for CY 2021 Unfilled Attrition Recruitment Program.


211 applicants have passed the sequential stages of selection process and completely submitted the required documents.

The Oath-Taking Ceremony and Turn-over Program was spearheaded by the Regional Director, Brig Gen Antonio Yarra.

During the event, Yarra congratulated and welcomed the 211 successful recruits in the police service. He reiterated the importance of dedication and commitment to excellence of the new members of the Police Force. He even mentioned the importance of self-improvement and discipline in achieving excellence in their careers in public service.

The 211 successful recruits shall receive a monthly salary of P29, 668.00.

'As you strive to become better, enjoy what you are doing, enjoy the process of training. Learn to smile even in the darkest hours of your lives, because in the PNP, comfort is a just a privilege. And we always strive to live the mantra, stability under pressure. A stable mind even in the midst of pressure and stress.', Yarra said.



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# PAGLAYA

1. May babaing nais ang kanyang paglaya,
Nais na lumaya itong kanyang diwa
Nais na lumaya sa nais magawa,
Nais na lumaya sa takda ng madla.

2. Babae'y lumaya sa takda ng tao,
Lipunan nagbigay sa laya niyang gusto,
Maari na sila ngayong makaboto,
Maari na sila ngayong magtrabaho.

3. At sa opisina sila ay dumami,
Maging sa pabrika'y maraming babae,
Sa mga ospital ang nars ay nagsilbi,
At doon nandalang ang mga lalake.

4. Sa mga gawain braso ang kailangan,
Doon ang lalake'y hari sa larangan,
Ang ibang babae'y gusto ring pasukan
Ang larangang itong kay hirap gampanan.

5. At dahil babae'y nilikhang masipag,
Lalake'y tinalo sa trabahong hanap,
Maraming babae sa trabaho'y tanggap
Lalake'y naiwan nadaig sa sikap.

6. Kaya ang nangyari ay biglang nagbago,
Ang takbo ng ating kinilalang mundo,
Asawang lalake'y wala nang trabaho,
At babae ngayon itong pursigido.

7. Marami na tayong makikita ngayon,
Asawang babae'y pagod sa maghapon
Sa pagtatrabaho upang makaipon
At maitaguyod pamilyang naroon.

8. Gustuhin man nitong maraming lalake
Na sila'y tumulong sa gastos at silbi,
Ano ang gagawin kung walang bakante?
Babae'y lumaya, layang naging imbi.




*Groundbreaking of Fisherman's Wharf & Dorm @Sineguelasan sa pangunguna ni Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla*



# Provincial anti-illegal logging task force, binuo sa lalawigan ng Cavite

Kamakailan ay nilagdaan na ng Department of Environment and Natural Resources – Provincial Environment and Natural Resources Office (DENR-PENRO) Cavite sa pamamagitan ng Surveillance Investigation Unit ng ahensya ang isang Memorandum of Partnership (MOP) na naglalayong lumikha ng Provincial Anti-Illegal Logging Task Force (PAILF).

Ang naturang hakbang ng DENR-PENRO Cavite ay naglalayon na mas mapangalagaan pa ang kagubatan sa lalawigan.

Ayon sa ulat ng Radyo Pilipinas, ang mga kinatawan mula sa Philippine National Police (PNP), Philippine Coast Guard (PCG), Philippine Marines, at Department of Interior and Local Government (DILG) ay kasama rin sa mga lumahok sa paglagda ng MOP.

Binigyang diin naman ng PENRO na bukod sa pangangalaga sa kagubatan ng lalawigan, hangarin din ng kasunduan na labanan ang illegal logging sa Cavite.(GOCAVITE)

# DOH debunks fake social media card about re-imposition of GCQ

The Department of Health (DOH) has advised the public regarding a circulating fake social media card about the supposed re-imposition of the General Community Quarantine (GCQ) with heightened restrictions from May 15 to 31, 2022, in Cavite, Laguna, Rizal, Bulacan, and Metro Manila.

The government no longer uses quarantine labels such as "GCQ" in favor of the Alert Level systems, the DOH clarified on its May 13, 2022, advisory.

It was earlier reported on May 14 that the Inter-Agency Task Force (IATF), as announced by Presidential Communication Operations Office (PCOO) Secretary and Acting Presidential Spokesperson Martin Andanar, that Cavite, Laguna, Rizal, Bulacan, and the National Capital Region will be under the Alert Level 1 status from May 16, 2022, until May 31, 2022.

DOH urges the public to check official sources on the internet and social media for verified reports and information regarding the pandemic.

The department has also reminded the public to observe minimum health standards, such as the proper wearing of face masks, isolation when feeling sick, getting vaccinated and boosted, and always ensuring good airflow.



ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

MAYOR ONY FERRER

# Bagong kagamitan para sa TB Care, tinanggap ng DOH CALABARZON

Ang Department of Health-Center for Health Development CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) ay nakatanggap ng mga bagong kagamitan para sa TB (Tuberculosis) Care mula sa USAID at Stop TB Platforms.

Ipinahayag ni Regional Director Ariel I. Valencia na masuwerte ang DOH Calabarzon na mapili bilang isa sa mga benepisyaryo.

"Through these tools, we can further intensify our TB screening initiatives that have greatly been affected by COVID-19 pandemic not only in the communities but also in the hospital for the benefit of the vulnerable and at-risk populations especially in several GIDA areas."

Binigyang-diin ito ni Valencia sa kanyang mensahe sa Ceremonial Handover of New Tools for Improved TB care na ginanap sa DOH Calabarzon Regional Office sa Quezon City.

"The DOH Calabarzon, is in full support and committed to roll out these tools in the region. Through our integrated approach, the new tools would definitely speed up our goal in achieving a TB FREE CALABARZON," dagdag pa niya.

Ang mga naibigay na bagong tool ay binubuo ng isang unit ng ultra-portable chest X-ray machine na may Computer-aided Detection o Artificial Intelligence at limang unit ng Truenat machine. (GOCAVITE)

# DOH hindi pa kinukunsidera ang pagkakaroon ng travel restrictions sa kabila ng omicron subvariant transmission

Hindi pa isinasaalang-alang ng Department of Health (DOH), ang pagpapatupad ng "travel restrictions" kahit na nakumpirma na nito ang pagkakaroon ng transmission ng Omicron subvariant, BA.2.12.1.

Gayunpaman, naghahanda umano ang ahensya sa posibilidad na pagtaas ng kaso ng CoVid19 sa mga susunod na araw.

"Meron na pong local transmission itong subvariant ng Omicron na ito sa ating bansa. Nangangahulugan po na

(cont. P.7

Pagbati Mula kina:



Vice Mayor Ony Cantimbuhan
Imus City, Cavite



Cong. Alex "AA" Advincula
3rd District of Cavite



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**GAMAL ABDEL NASSER -** *Siya ay isang Colonel sa army na umagaw sa kapangyarihan sa Egypt at tumapos sa Monarchy dito.*

# Mayor elect Anarna, binisita ang silang market; planong ayusin, pagandahin ang pamilihan



Sa pamamagitan ng isang Facebook post, ibinahagi ni Silang Mayor Elect Kevin Anarna ang kaniyang naging pagbisita sa pamilihang bayan ng kanilang munisipalidad upang inspeksyunin ang mga kinakailangang ayusin.

Kasama ang ilang lokal na opisyal ay inikot nila ang wet and dry section ng palengke.

Aniya, "Bukod sa mabaho at madumi ay nakita natin na mali ang pagkakadisenyo at pagplaplano ng ating palengke. Walang maganda at maayos na drainage system at walang tubig sa wet section. Ang daan ay masikip lalo na po sa isdaan. Dahil walang maayos na drainage system naging maputik at basa ang loob ng palengke. Wala ring tamang systema ng pagtatapon ng basura ng mga tindahan kaya lalong dumudumi tignan ang ating palengke. Madumi at walang tubig ang public cr. Ibang-iba ang ating palengke kumpara sa mga karatig-bayan. Kaya mas kakaunti na ang dumadayo dito para mamili."

Ipinahayag ni Anarna na isa sa kanyang bibigyan pansin ay ang pagsasaayos sa mga naturang bagay para sa ikauunlad ng kanilang palengke.

"Kailangan nating pagandahin at linisin ang ating palengke para mas kaaya-aya na mamili dito. Mas dadami ang mamimili dito at maslalaki ang kita ng mga nagtitinda dito kung maayos natin ang palengke," saad niya.

Dagdag pa niya, "Kailngan rin magkaroon ng tamang displina ang mga nagtitinda para magkaroon ng tamang pagtatapon ng basura. Mas luluwag rin ang daan kung nasa tamang spasyo lang ang mga tinda at hindi lalampasan sa kanilang pwesto. Kailangan magkaroon ng timbangan ng bayan na madaling makikita at mapupuntahan ng mga mamimili. Gawin two-way din ang mga daan ng tao papasok at palabas ng palengke para hindi masyado malayo ang lalakarin ng ating mga kababayan."

Marami namang mga mamamayan ng Silang ang natuwa at nagpahayag ng pagsuporta sa naging pahayag online ni Anarna kaya't umaasa sila na unti-unti ay maisasagawa ang mga ito.



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Hugo Perez - Isa siyang Doktor na ipinanganak sa Binondo, Manila at lumaki sa Cavite. Nadawit siya sa tangkang pag-aalsa dahil isa siyang Freemason . Siya ay pinahirapan upang isigaw ang mga kasama at dito nabuo ang listahan ng mga naging 13 Martyrs of Cavite.**



## LET THERE BE LIGHT!

By
Eng'r. VEr Campaña Bautista
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**LUMAMPONG HALAYHAY -** A Lumampong Halayhay, Indang ay galing sa "lumampo" na "lumampas" at "halayhay" na row sa Ingles. Ito ay ang "lumampas na hanay".

# Marcos protesters in Australia misguided: Revilla

MANILA – Senator Ramon "Bong" Revilla Jr. reminded the small group of Filipinos in Australia who welcomed presumptive President Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. and his son with a protest on Wednesday that they should respect the majority's decision.

"Thirty-one million Filipinos in the Philippines and in the whole world cast their vote of trust and confidence on BBM. It seems their sense of patriotism, if their actions indeed spawned from it, is misguided. They ended up embarrassing only themselves," Revilla said in a statement.

As the co-chair of the Lakas-Christian Muslim Democrats (Lakas-CMD) which joined other political parties in supporting Marcos' presidential bid, Revilla said it was disheartening to know that while Marcos' term has yet to begin on the noon of June 30, it seems there are some who are already working to ensure he fails.

"We are in a crossroads. This is a crucial time for the nation, so all hands must be on deck. Let's stop shooting ourselves in the foot and instead rally behind our leader and our flag," Revilla said.

Revilla believes that the election results are a clear expression of the Filipinos' aspiration for Marcos' leadership and call for unity.




"This is the very reason why his administration must be given a chance," he added.

Around eight Filipinos based in Melbourne, Australia flocked outside the apartment where Marcos was believed to have been staying, bearing placards that read "Tyrants not welcome here!"

The protesters, who are members of Anakbayan Melbourne, said they were with the Kakampinks Victoria, a group also supporting Vice President Leni Robredo.

Marcos' spokesperson lawyer Vic Rodriguez called the move "embarrassing," saying it is not in the nature of Filipinos to embarrass their fellow in other countries. (PNA)



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Vacuum cleaner - 1901
Zipper - 1903
Parsley - Mediterranean
Laurel - Mediterranean
Spinach - scurvy



*Nasa 109 benepisyaryo mula sa Carmona ang nakatanggap ng financial assistance nitong Mayo 19, na mula sa Assistance to Individuals/Families in Crisis Situation (AICS) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Ang naturang pamamahagi ay pinangunahan ni Mayor Roy Loyola, Congresswoman Dahlia A. Loyola, at ng mga Sangguniang Bayan Members.*

# Science and technology, pinagyayaman sa bayan ng Carmona




CARMONA, Cavite (PIA) — Patuloy na pinagyayaman ng lokal na pamahalaan ng Carmona ang pagkahilig ng kabataan sa kanilang bayan sa Science and Technology (S&T), sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang programang may kinalaman dito.

Noong Mayo 16, pinangunahan ng pamahalaang bayan ang turnover ceremony para sa 10 set ng Lego Robotics Kit na ibinigay sa mga miyembro ng Students Youth for Science, Technology, Engineering, and Mathematics Society (SYSTEMS) ang Angelo L. Loyola Senior High School (ALLSHS).

Binigyang pagkilala rin ang mga natatanging mag-aaral na nagwagi sa MET Olympiad Battle of the Brain ng Philippine Meteorological Society, Inc. at DOST-Science Education Institute at itinanghal bilang National Finalist at People's Choice Award sa Gawad Alunig ng Department of Science and Technology (DOST) – Technology Application and Promotion Institute (TAPI) Roadmap and Stakeholders' Recognition.

Kabilang dito sina Thean Mendoza, Mark Andrei Pagana, Erin Perez, Milicent Erispe, Christian Allen Gonzales, Mercury Xylene Matutina, Amiel Jet Sonot, at Chrysler Dele Ordas.

Sa kanilang official Facebook page, ipinaapot rin ng lokal na pamahalaan ang kanilang pagbati sa tagumpay ng mga mag-aaral. — Patricia Bermudez, PIA 4A

# Mga bagong teknolohiya ng MSMEs sa Calabarzon, tampok sa nationwide exhibit ng DOST

Isinasagawa ngayong araw, Mayo 16, ang Nationwide S&T Promotions and Exhibit at SM Supermalls na pinangungunahan ng Department of Science and Technology (DOST) at SM Supermalls na layong maipakita ang mga bagong teknolohiya, researches, inobasyon at accomplishments ng ahensya.

Isang paraan din ito upang magbigay ng kaalaman at kamalayan sa publiko ukol sa mga programa at serbisyo ng DOST.

Ang programa ay isinasagawa sa SM City Lipa at tampok dito ang 10 Micro- Small and Medium Enterprises(MSMEs) sa Calabarzon na nasa ilalim ng pakikipag ugnayan at pakikipagtuwang sa DOST upang mas mapaganda at mapalawak ang kanilang produkto.

Ayon kay S&T Regional Director Emelita Bagsit, nais nilang hikayatin ang lahat ng mga MSMEs, researchers, students at iba pang innovators na yakapin ang mga oportunidad na handog ng DOST gayundin ang partnerships, adoption, commercialization at mas malalim na appreciation ng locally developed technologies bilang tugon sa pagpapabuti ng buhay ng mga Pilipino. — PIA Batangas

# CAVITEX Toll Rate Adjustment to be Implemented on May 22

Binan City - In cooperation with the Toll Regulatory Board (TRB), Cavitex Infrastructure (CIC) and its joint venture partner, Philippine Reclamation Authority (PRA) will implement the new toll rates for CAVITEX R-1 segment starting May 22, 2022.

The supposed implementation in Paranaque Toll Plaza last May 12 was deferred to provide more time for the registration of PUV drivers and operators to the toll reprieve program which allows them to continue to enjoy the old toll rates of Php 25 for Class 1, P50 for Class 2 through a rebate program.

The toll reprieve program is system driven via the RFID, so all the PUVs operators and drivers have to do is enroll their account to the program in coordination with their different transport organizations. The program will run for 90 days starting on Day 1 of the implementation of the new toll rates.

Toll Regulatory Board expressed gratitude to CIC and its JV partner PRA for their cooperation and support to the mass transport groups. Target enrollees to the program are all drivers and operators of the 1,420 public utility vehicles that ply through CAVITEX.

The new rates are inclusive of the 2011 and 2014 periodic toll petitions, and add-on toll petition for enhancement works done in the expressway, which includes bridge lane widening works. Thus, starting May 22, motorists plying through CAVITEX R-1 segment (Cavitex Longos Bacoor to MIA Exit v.v.) will be charged the following VAT-Inclusive amounts: Php 33.00 for Class1 vehicles, Php 67.00 for Class 2, and Php 100.00 for Class.**(ROSELLE AQUINO)**

# DA, nagbabala sa posibleng krisis sa pagkain sa mga susunod na buwan

Nagbabala ang Department of Agriculture (DA) kaugnay ng posibilidad na magkaroon ng krisis sa pagkain sa bansa dahil sa epekto ng pandemya at giyera sa pagitan ng Ukraine at Russia.

Sa isang pahayag, sinabi ni Agriculture Secretary William Dar na patuloy nilang mino-monitor ang napipintong krisis sa pagkain sa mundo dulot na rin ng pagtaas ng produktong petrolyo.

"Alam ninyo, ang mundo ngayon ay mayroon tayong mino-monitor na looming food crisis gawa ng COVID-19 pandemic, iyong Ukraine war at saka iyong pagtataas ng presyo ng petroleum. So, iyon ang nakikita natin, at marami na ring eksperto ang nagsasabi na there is a looming food crisis," babala ni Sec. Dar sa isinagawang Landing Handa press briefing nitong Miyerkules.

Sa kabila nito, tiniyak naman ni Dar na mayroon nang nakalatag na plano ang DA upang matugunan ang nakaambang food crisis.

Ngunit aniya, kailangan umanong madagdagan ang pondo ng DA upang mapagtuunan ang 'Plant, Plant, Plant program' ng ahensya.

"Ang aking hinihingi lang ay dagdagan dapat po ang pondo ng gobyerno nitong Department of Agriculture para iyong focused areas ng, say, Plant Plant Plant Program Part 2, kagaya ng pamimigay natin ng fertilizer subsidy; additionally, iyong urban and peri-urban agriculture; iyong local feed production; iyong food mobilization; aquaculture and fisheries - ito iyong focused areas," paliwanag ni Dar.

Inaasahan umanong mararamdaman ang food crisis sa pagpapasok ng ikalawang semester ng taon.

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
VOL.VI NO. 25

# PNP MARITIME GROUP – CAVITE MARITIME POLICE STATION, PATULOY NA IPINATUPAD ANG RA 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act) at RA 10654 (An Act to Prevent, Deter and Eliminate Illegal, Unreported and Unregulated Fishing, amending Republic Act No. 8550, otherwise known as "The Philippine Fisheries Code of 1998," and for other purposes).



Sa operasyong isinagawa noong ika-1 ng Mayo taong 2022, sa ganap na alas 8 ng gabi, nag sagawa ng COMELEC Checkpoint ang mga tauhan ng Cavite-Maritime Police Station (Cavite MARPSTA) sa pamumuno ni PMAJ ARNOLD S PENALES, Hepe ng nasabing estasyon, kasama ang Tanza, MPS. Alinsunod sa nalalapit na Halalan 2022 at nag papatupad ng COMELEC Resolution na may napapaloob na batas gaya ng "Ang pag-dadala ng baril ay mahigpit na ipinag babawal sa mga hindi awtorisadong mamamayan" kaugnay sa National and Local Election 2022 at pinaigting na kampanya kontra iligal na aktibidad.

Sa Bandang 11:30 ng gabi habang patuloy ang pagsagawa ng operasyon ng grupo sa A. Soriano Highway, Brgy. Poblacion 4, Tanza, Cavite, at nag resulta ito ng pag kahuli ng isang suspek, na mayroong illegal na pangangalaga ng mga ibon, tatlong (3) oriole birds at pitong (7) Martinez birds na kabilang sa mga naitalagang mga nanganganib na uri ng mga hayop o ibon. At ang mga nasabing ibon ay agad namang itinawag sa kinauukulan na si Mr. Marvin Oakes, DENR, Cavite at kinumpirma na ang nasabing mga ibon ay nabibilang sa endangered species. At pinalawig rin ang pinaigting na kampanya ng "All Hands! Full Ahead!" o "Salakab", nahuli ng mga awtoridad ang siyam (9) na katao na iligal na nangingisda na nasasakupan ng lungsod ng Cavite City. Sa operasyong isinagawa itong ika-18 ng Mayo taong 2022, sa ganap na alas 5 ng umaga, naaktuhan ang mga tauhan ng "FBCA JOANNA", "FBCA MARLON AIMEE C" at "FBCA K1 RAFAEL" na nagsasagawa ng aktwal na iligal na proseso ng pangingisda na kilala sa tawag na R.A 10654, Section 95 o "Pag gamit ng mga aktibong kasangkapan (active gear) sa paghuli ng look, at iba pang mga lugar pangisdaang nasa ilalim ng isang pangangasiwa".

Ang mga nahuling suspek ay agad na ipinag bigay alam sakanila ang mga karapatang pang tao at isinama sa aming himpilan upang

(cont. P.7)

---

**rEpuBLiC OF tHE pHiLippinEs**
**rEgiOnaL triaL COurt**
**FOurtH JuDiCiaL rEgiOn**
**BranCH 19 (113)**
**BaCOOr CitY**

**in rE:pEtitiOn FOr rE-issuanCE OF tHE OWnEr's COpY OF transFEr CErtiFiCatE OF titLE nO. (057-2011013720) 167-2016003148**

**HOusEHOLD DEVELOpmEnt COrpOratiOn, as represented by Krist OFEr Dan C. mEDaLLO,**
Petitioner.

**LrC Case no. 8843-2021-23**
x-----------------------------------------------------------x

**nOtiCE OF HEaring**

A Petition for the Issuance of Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-2011013720) 167-2016003148 in the name of Household Development Corporation was filed in this Court.

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT said petition has been set for hearing on November 22,2022 at 8:30 in the morning in this Court, on which date, hour and place, any person interested is cited to appear and show cause why the same should not be granted.

Let this Notice be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the cities and province of Cavite, to be determined by raffle.

Let a copy of this Notice and that of the Petition be furnished the Register of Deeds of the Province of Cavite, Bacoor City Branch and be posted by the Sheriff of this Court in three (3) conspicuous places in Bacoor City where the property is located.

WITNESS THE HONORABLE JUDGE MARICAR S.A. PRUDONSISON, Assisting Judge of this Court, this 20th day of April,2022 at Bacoor City, Cavite.

**(sgd.) rOXannE DapHnE O. Lapaan**
Clerk of Court V

**HumanitY nEWs**
**may 16, 23 & 30,2022**

# Prioritize education amid Covid, CEAP urges next DepEd chief

MANILA – An organization composed of over 1,500 Catholic and private schools in the country, is counting on presumptive Vice President Sara Duterte to prioritize the crisis facing the education sector caused by the coronavirus disease 2019 (Covid-19) pandemic.

According to Alan Arellano, executive director of Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP), said they expect the next secretary of the Department of Education (DepEd) to help solve problems in the sector.

"Her (Sara) popularity may be an asset to influence the young people to be better Filipinos. If indeed she will be the one to run the department. We hope that she could address the education crisis we are facing," he said in an interview over Church-run Radio Veritas.

"In the days to come, she may be consulting the education stakeholders. We are willing to be part of that process," Arellano added.

Earlier, presumptive President Ferdinand Marcos Jr. appointed Duterte, his tandem in the just-concluded May 9 polls, as the next DepEd Secretary.

The CEAP official expressed readiness to assist in the formulation of policies in case the mandatory Reserve Officers Training Corps (ROTC) is implemented, although Duterte has denied the promotion of the mandatory ROTC.

"If this becomes part of the curriculum, we will help formulate the appropriate values that young people should learn to be godly, patriotic, humane, and environmentally friendly," Arellano said.

On fears of various religious and youth groups that the next administration will delete the record and official data on Martial Law, Arellano vowed that Catholic and private schools will continue to teach young people the truth and provide a lesson that will strengthen a student's judgment to always choose what is right.

CEAP has more than 1,600 member institutions from the education sector. (PNA)

## *DOH hindi pa kinukunsideraang pagkakaroon ng travel restrictions...* (from p. 3)

ang mga kaso na nadetect natin ay wala na pong kaugnayan sa mga kaso na nagmula sa labas ng bansa ngunit makikita parin po ang linkages ng mga detected cases. At present, meron na po tayong labing-pitong detected omicorn subvariant BA.2.12.1 sa ating bansa." pahayag ni Health Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

Ipinaliwanag ng DOH na ang pangunahing serye vaccination rates sa bansa ay mataas at mayroon pa tayong organisadong opsyon sa paggamot at pamamahala para sa kalubhaan sa lahat ng kaso ng sakit.

Magpapadala ang DOH ng espesyal na pangkat ng pagbabakuna sa lahat ng lugar kung saan natukoy ang subvariant. Ito ay ang Metro Manila, Puerto Princesa sa Palawan, at Western Visayas Region.

Sinabi ni Health undersecretary Maria Rosario Vergeire na puspusan na ang response operations ng DOH at ng lokal na pamahalaan sa mga lugar na nabanggit.

"Ang DOH kasama po ang ating lokal na pamahalaan ay patuloy na magpapaigting ng ating four doors strategy laban sa COVID-19. Particular na rin sa third door tungkol sa immediate detection and isolation of cases at sa fourth door na pagpapalakas ng ating health care systems bilang paghahanda kung magkakaroon man ng pagtaas ng mga kaso." aniya.

## *PNP MARITIME GROUP...* (from p. 6)

sampahan ng kasong kriminal.

Ang Cavite Maritime Police Station na pinamumunuan ni PMAJ ARNOLD S PENALES ay patuloy na magpapatupad ng R.A No. 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act) at RA 10654 (An Act to Prevent, Deter and Eliminate Illegal, Unreported and Unregulated Fishing, amending Republic Act No. 8550, otherwise known as "The Philippine Fisheries Code of 1998," and for other purposes) at nag bigay babala sa mamamayan na sumunod sa batas at makipag tulungan sa mga ahensyang nagpapatupad nito kung mayroon mang mga nilalang na karapat-dapat protektahan. (MARGIE BAUTISTA)


## EDITORIAL

**Ang agrikultura ay nagbibigay sa atin ngayon ng salapi mula sa iniluluwas nating mga raw materials. May isa pang bagay tayo na dapat adhikain na ang mga raw materials na ito ay tayo na ang magdevelop upang mag-karoon ng dagdag na halaga. Halimbawa ay ang prutas na puwede nating i-process para maging candy. Isa lamang iyan sa marami nat-ing puwedeng gawin.**

**Unti-unti ang ating pagsulong at isang araw ay magagawa rin natin ang mga panu-kalang sinundan ng mga bansang umunlad.**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Kintsay bilang halamang gamot



*Scientific name: Apium graveolens Linn.; Apium dulce Mill.*
*Common name: Kintsay, Quichay (Tagalog), Celery (Ingles)*

Ang kintsay o celery ay isang karaniwang gulay na mabibili sa mga pamilihan. Ito ay maliit na halaman lamang na may malambot na mga sanga. Sa Pilipinas, dalawang uri ng halamang kinchai ang tumutubo: isang mas payat na mas makikita sa mga mabababang lugar (Chinese celery), at isa pa na may matabang tangkay na tumutubo naman sa matataas na lugar gaya ng Benguet (karaniwang Celery). Ito ay nagmula sa mga bansa sa Europa at Hilagang Asya.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Kintsay?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang kintsai ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang halaman ng kintsay ay may taglay na glucoside, apiin, mannite at inosite

Ang buto naman nito ay mayaman sa flavonoids, anthrons, xanthons and tannins.

Isang pag-aaral naman ang nagsasabi na ang halaman ay mayroong calories, vitamin K, molybdenum, folate, potassium, fiber, manganese, vitamin B2, pantothenic acid, copper, calcium, vitamin C, vitamin B6, magnesium, vitamin A

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Ang buong halaman ng celery ay maaaring kainin at gamitin sa panggagamot. Maaari itong katasan, ipantapal, ilaga at inumin nang parang tsaa.

Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring magamot ng Kintsay?

1. **Hirap sa pag-ihi**. Mabisang pantulong sa pag-ihi ang pag-inom ng pinaglagaan ng dahon at mga tangkay ng kintsay.
2. **Hika**. Maaaring makatulong sa hirap sa pag-hinga na dulot ng hika ang paglanghap sa dinikdik na buto ng kintsay. Inilalagay sa tela ang mga dinurog na buto bago langhapin. Maaari din namang inumin pinaglagaan ng buto nito.
3. **Altapresyon**. Maaaring makababa din ng presyon ng tugo ang pagkain ng dahon at mga tangkay ng celery.
4. **Rayuma**. Ang regular na pagkain ng celery ay makatutulong na mabawasan ang pananakit ng mga kasukasuan dahil sa rayuma. May kaparehong epekto naman ang pag-inom sa pinaglagaan ng buto ng kintsay.
5. **Gout**. Ang regular na pagkain din ng kintsay ay makatutulong sa pagbawas ng epekto ng gout sa katawan.
6. **Pagkasira ng mga cells dahil sa free radical**. May malakas na antioxidant katas ng kintsay, kung kaya makatutulong ang pag-inom nito upang mabawasan ang pagkasira ng mga cells sa katawan, halimbawa na lang ay ang pagkukulubot ng mga balat.
7. **Pagkasira ng atay**. Nakatutulong sa paggaling ng nasisirang atay ang regular na pagkain ng gulay na kiintsay.
8. **Kanser**. Ilang pag-aaral din ang nagsasabi na may mabuting epekto sa taong may sakit na kanser ang pag-inom sa katas ng celery.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan,
Silang, Cavite

VOL.VI NO. 25

# Public hearing sa pagtaas ng sahod sa CALABARZON, inilunsad sa Cavite

Sa pamamagitan ng isang press release, ibinahagi ni Incumbent Cavite Vice Governor Jolo Revilla ang pagsisimula ng public hearing kaugnay ng pagtaas ng sahod ng mga manggagawa sa CALABARZON ngayong Lunes, Mayo 16.

Ang naturang pagdinig ay isinagawa sa pangunguna ng Regional Tripartite Wages and Productivity Board sa Legislative Building ng Sangguniang Panlalawigan ng Cavite.

Dumalo sa nasabing public hearing ang Chairman ng RTWPB IV-A at DOLE IV-A Regional Director, Director Ezekiel Ronie de Guzman, Cavite Vice Governor Jolo Revilla, mga kinatawan ng Labor Groups and Laborers, mga manggagawa at Management Group mula sa lalawigan.

Noong nakaraang taon ay matatandaan na naghain ng Provincial Resolution ang lalawigan ng Cavite sa pangunguna ni Revilla upang maisakatuparan ang hiling na pagtataas ng sahod sa probinsya at nito lamang Abril ay naging matagumpay ang public consultation.



"Apat na taon na ang nakalipas mula nang huling itinaas ang sahod ng mga manggagawa sa Cavite. Napapanahon na para itaas ito ngayon, lalo na't walang tigil ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin dahil na din sa pagtaas ng presyo ng petrolyo. Kamakailan lang ay muli na namang itinaas ang sahod ng mga manggagawa sa NCR, kaya naman panawagan namin sa Cavite ay itaas na din sahod kapareho nang sa NCR" paliwanag ni Revilla.

"Kung titignan natin ang distansiya ng mga bayan at lungsod ng Cavite sa NCR, hindi pa aabot sa halos 6KM ang layo ng Bacoor, 10KM ang layo ng Imus habang 13KM naman sa Kawit. Kaya marapat lamang na ipantay ang sahod sa mga karatig na lugar ng NCR dahil kung ano ang presyo ng mga bilihin sa NCR, gayundin sa Cavite" dagdag pa niya.

Bagaman hindi pa kayang maibigay ang kaparehas na sahod sa NCR, naniniwala si Revilla na napapanahon na upang madagdagan naman ang kita ng mga kababayan.

"Kung bibigyan ng parehong pagkilala ang kalagayan ng mga manggagawa at kumpanya at hindi kakayanin na maibigay ang sahod tulad ng sa NCR, panukala ko ay dagdag na P125 sa arawang sahod para umakyat mula P373 patungong P498 ang maaaring tanggapin na sweldo ng mga manggagawang Caviteño," aniya.

Samantala, sinabi naman ni DOLE IV-A Regional Director na hindi kinakailangang lumagpas sa 30 araw matapos ang public hearing ay malalaman na ang resulta kung magkano ang itataas na sahod ng mga manggagawa sa CALABARZON.

"Positibo ang aking pagtingin na maitataas natin ang sahod ng mga manggagawa hindi lamang sa Cavite, kundi sa buong rehiyon" saad ni de Guzman.

***Sama-samang nagsimba ang Team Lubigan sa St. Jude Thaddeus Parish sa Lungsod ng Trece Martires noong araw ng Linggo, Mayo 15. Ito din umano ay pasasalamat ng Team Lubigan sa Panginoon na patuloy silang sinamahan sa kanilang laban para sa bawat Treceño.***






See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

## DO YOU KNOW ?

*Fritz Klatte made the first plastic called Vinyl Chloride.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**